# 1
# Ang Paglayag

Excited pero kabado si Leslie habang naghihintay silang makasakay ng barko sa port na iyon. Maraming tao ang nag-aantabay rin kasabay nila. Ngunit sa gitna ng ingay na nalilikha ng kani-kanilang boses ay ang pagkabog ng kanyang dibdib.

Hinawakan siya sa kamay ni Enzo at binulungan, “Babe, relax. I won’t let anything bad happen to you, okay?”

Kinindatan pa siya nito.

Pinilit niyang ngumiti. Payapa ang presensya ng kanyang nobyo. Mahinahon ang mga pagsambit ngunit hindi napawi ang nababahalang pakiramdam niya.

Niyakap at hinalikan niya si Enzo. Maibsan

man lang kahit kaunti ng paglalambing ang pagkabog ng kanyang dibdib.

"Ano ba 'yan? Hindi pa nga tayo nakakaalis, honeymoon na agad!" sarkastikong komento ni Cassie, ang kanyang best friend.

"Inggiterang frog 'to! Huwag ka nang bitter, 'andito naman ako, babe."

Pabirong inakbayan ni JM si Cassie.

Inismiran ito ng huli. "Until when? Hanggang sa may makita kang papa?"

"Actually, I spy with my eye… afam cuties! Sana papunta rin siyang Palawan, mamshie!"

Tumili at hinawi ni JM ang non-existent long hair nito patungo sa likod ng tenga. Pasulyap-sulyap ito sa direksyon ng mga foreigners.

"'Yun o, mamshie!"

Inginuso pa nito ang blonde and blue eyes na lalaki sa grupo.

"Asan diyan? Hindi naman guwapo."

"'Yung naka-blue!"

Bahagyang napalingon sa direksyon nila ang tinutukoy na lalaki. Sa gulat, nahihiyang nagtago si JM sa likuran nina Leslie at Enzo. Kumaway naman si Cassie sa foreigner sabay turo sa kaibigang namumula.

"Type mo, di ba? Halika rito!"

Hinila ni Cassie ang kamay ng kaibigan nila.

"Uy, mamshie, huwag ganyan! I'm shy,"

reklamo nito pero nagpahila rin naman. Nakayuko ang ulo ni JM at nakatakip ang isang kamay sa bibig. Nang makita sila, ngumiti at kumaway rin ang lalaki. Napalundag sa tuwa ang dalawa.

“Baka pag-uwi natin, JM, hindi ka na virgin,” tukso ni Enzo, saka napaaray sa pinong kurot ng girlfriend.

“Korek! Para naman hindi na ako odd one out sa grupo,” balik-biro ni JM.

Natatawang napailing si Leslie. Kahit paano naaaliw siya sa bangayan ng mga kasama, at nakakalimot sa kanyang nerbyos kahit saglit lamang.

Mayamaya ay nag-announce na ng boarding ang ferry at nag-umpisa nang pumila ang mga pasahero. Sumunod na rin sila.

Habang tinatahak nila ang kahabaan ng sementadong bridgeway patungo sa malaking bangka, dumating ulit ang kakaibang kabalisahan. Waring kay haba ng tulay na naglalaho sa kadiliman. Animo may mga aninong sumasayaw sa paligid nila.

Kumapit siya nang mahigpit sa braso ni Enzo. Hindi niya maiwaksi ang pangamba na may naghihintay sa kanilang panganib.

*“Row row row…”* Nag-umpisang kumanta ng nursery rhyme ang nobyo habang ipinapadyak ang paa at iniindayog ang ulo at katawan. Nakangiti itong nakatingin sa kanya.

Nagsisikap pa rin ang kasintahan na tulungan siyang makampante. Gayunpaman, kay Leslie, ang inosenteng kantang iyon ay nagdadala lamang ng kakila-kilabot na babala.

*"Your boat..."* pagtuloy ni JM na sumabay rin sa pag-indayog.

*"Gently by the stream..."*

Sinundan ni Cassie at sabay-sabay ang tatlo sa pagturo sa kanya.

"Haha?"

Praning lang ba talaga siya? Ipit ang tawang lumabas sa kanya.

Naghihintay ang mga kasama na sumama siya sa pakulo. Sa kagustuhang pagtakpan ang pag-aalala, inindayog ni Leslie ang balikat at dinugtungan ang linya ng kanta.

*"Merrily merrily merrily!"*

At nag-chorus silang apat: *"Life is but a dream!"*

Paulit-ulit ang munting laro nila habang naglalakad sabay sa pag-usad ng mga taong nasa harap. Ang ritmo ng awit ay tila isang enkantasyon sa kahabaan ng kanilang prusisyon patungo sa walang katiyakan!

Nilingon niya si Enzo at isinandal ang ulo sa balikat ng pinakamamahal niyang lalaki.

Hinalikan siya nito sa ulo.

"Mabilis lang ang biyahe. Wala kang dapat ipag-alala," malambing na bulong nito. Napaka-reassuring.

Lumingon siya sa kanyang likuran at pinagmasdan ang mga nakangiting mukha nina Cassie, JM, at Enzo sa kanya.

Habang nagtatagal, lalong lumalalim ang paniniwala niyang may misteryosong puwersang nakaabang. Hindi siya sigurado kung matatakasan nila o sadyang tumatalon sila sa patibong nito.

Tumingin si Leslie sa paligid. Wari ay may mga natatagong lihim sa likod ng paghampas ng mga alon sa tagiliran ng barko.

Nauna nang tumuntong sa ferry si Enzo. Naghihintay ang mga palad nito na umalalay sa kanyang pagsakay. Iniabot niya ang kamay.

Sa halip na ihakbang ang isang paa, hinihila niya ang nobyo. Napakunot-noo ang guwapong mukha ni Enzo. Nakatitig ito sa kanya, pero naroon pa rin ang mga ngiti. Umiling si Leslie.

"Babe?"

Hindi niya maintindihan ang sarili. Nanlalabo ang kanyang paningin. Lumalakas sa pandinig niya ang halu-halong tinig ng mga tao sa paligid, may bulong at sigaw, may iyak at tawa. Lalong bumibilis ang kanyang pulso. Para siyang nalulunod. Hindi siya makahinga. Nauubusan siya ng hangin. Hinawakan ni Enzo ang kamay nang mas mahigpit.

Pagkuwa'y inabutan siya agad ni Cassie ng brown paper bag. Hinagud-hagod naman ni JM

ang kanyang likod. Hindi na niya namalayan ang mga sumunod na pangyayari. Tuluyan nang kinain ng dilim ang kanyang paningin.

Nang magkaroon siya ng malay, nakaupo na sila sa loob ng barko. Nakaunan ang kanyang ulo sa kandungan ni Enzo at nakapatong ang mga paa sa bakanteng upuan sa gitna nila ni Cassie. Ramdam niya ang pagduyan ng paligid.

Nasa biyahe na sila!

"Hey, babe."

Bumangon si Leslie. Inalalayan siya ni Enzo na maupo at inabutan ng tubig. Uminom siya nang kaunti.

"Bestie, kumusta'ng pakiramdam mo?"

Lumipat ng upuan sina Cassie at JM. Lutang pa rin ang pakiramdam niya.

"Beinte minutos na tayong tumatakbo. Makakarating din tayo."

Kinuha ni Enzo ang bote ng tubig mula sa kanyang kamay at itinabi ito. Tahimik lang niyang pinagmamasdan ang mukha ng mga katabi.

*TEEEEEEETTTTTTTTT*

Pinung-pino ngunit nakakabingi ang tunog. Parang magdurugo ang tenga ni Leslie. Walang tigil ito at habang tumatagal lalong tumitinis. *TTTTEEEEEEEEEEEEEEEEETTTTTTTTTT*

Tinakpan niya ang mga tenga. Napabaluktot siya ng upo. Napapikit at napasigaw siya sa sakit na idinudulot ng ingay sa kanyang tenga.

"Aaaarggghhhhh!"

*TTTTTTEEEEEEEEEEEEEEETTTTTTTT*

Nagsitinginan ang mga tao. May ibang tumayo at lumapit sa kanilang upuan. Nag-umpisang mag-iyakan ang mga batang nagulat sa kanyang sigaw.

BOOM!

Iyon ang huli niyang narinig. Ang malakas na kalampag sa sinasakyan nila, ang hiyawan at iyakan ng mga tao, ang pagsambit ni Enzo sa kanyang pangalan.

Huli niyang naramdaman ang malamig na tubig na umagos sa kanyang mga paa hanggang sa lamunin niyon ang buo niyang katawan. Ang sumunod ay purong katahimikan…

Nakapikit si Leslie dahil nakakasilaw ang sinag ng araw. Masakit sa balat ang mainit nitong dampi. Maalat sa panlasa ang kanyang bibig at tuyung-tuyo ang kanyang lalamunan.

Kinuyom ni Leslie ang kamay at ang tanging naramdaman niya ay buhangin. Napabiglang bangon siya.

"ENZO!"

Napapikit ulit ang kanyang mga mata, iniharang ang kanyang bisig sa mukha. Mahapdi sa mata ang nakakasilaw na liwanag. Magaan ang ihip ng hangin sa buhok niya. Basang-basa ang kanyang mga damit at inaabot ng alon ang mga paa niya.

Nilingon ni Leslie ang paligid. Buhangin,

bato at mga puno sa di-kalayuan lang ang tanging naabot ng kanyang mga mata.

Matindi ang pagkabog ng dibdib niya. Pahapyaw lang ang pagbalik ng kanyang alaala.

"Enzo… Enzo? ENZO!!!"

Nag-alsahan ang mga ugat ang kanyang leeg dahil sa pagtawag sa kasintahan. Pinilit niyang tumayo ngunit walang lakas ang mga paa niya. Mabigat ang ulo ni Leslie. Bahagya pa rin niyang naririnig ang matinis na ingay.

*TEEEEEEETTTTTTTTT*

Lumakas nang lumakas sa alaala niya ang mga hiyawan, ang paghingi ng saklolo, ang iyakan ng mga nawawalan ng pag-asa.

"Enzo? Enzo! Cassie! JM!"

Paulit-ulit ang pagsigaw niya ng mga pangalan nila. Pilit niyang inilalabas ang tinig kahit nauubusan siya ng lakas.

Nang wala na siyang mailabas na boses, hikbi ang tanging naiwan. Namumuo sa kanyang kaibuturan ang kawalan at paghihinagpis.

"Babe."

Mahina ang bulong na inihatid ng hangin sa kanyang mga tenga.

"Enzo…"

Napalingon siya sa kapaligiran; pilit na hinahagilap ang pinagmulan ng bulong. Iginapang niya ang siko sa basang buhangin.

"Enzo!"

Hinawi ni Leslie ang mga nakakalat na piraso ng kahoy at bakal na nakasagabal sa kanyang daraanan. Pinipilit niyang idausdos ang katawan. Panaka-naka ang paghinto para lamang makaipon ng kaunting lakas. Makakuha man lang sana siya ng sapat na sigla upang mabawi ang tinig.

"Enzo!"

Ibinuhos niya ang natitirang lakas sa paghiyaw hanggang sa halos bulong na lang... hanggang sa hangin na lang ang lumalabas sa kanyang bibig. Nagdidilim na naman ang mga mata niya.

Hindi! Kailangan niyang hanapin ang kasintahan!

"En—"

"Babe."

Parang hinipan siya ng panibagong lakas sa narinig!

Positibo si Leslie. Hindi iyon isang guni-guni lamang.

Narito si Enzo!

Parang himalang nakahugot siya ng puwersa. Ngunit ito ay puwersang sapat lang upang maiunat ang leeg at maabot ng tanaw ang hindi kalayuan.

"Enzo," muling tawag niya.

Ang kaninang nagsisikip na dibdib dulot ng hinagpis ay unti-unting binuhusan ng

ginhawa nang makita niya ang imaheng kanyang hinahanap.

Patakbo itong lumalapit sa kanya.

"Babe!"

Inakay siya ng nobyo paupo. Dinampot nito ang kanyang mga kamay mula sa buhangin.

Binalot siya ng mga bisig ni Enzo. Wala nang ibang lumabas sa kanyang bibig. Narito na ang lakas niya. Narito na ang lahat-lahat niya.

Yumapos siya sa kasintahan hanggang maramdaman ang pangangawit sa kamay. Hinaplos niya ito sa mukha, hinagod ng mga daliri ang kanyang buhok.

"Babe… you're okay! We're okay!" mangiyak-ngiyak nitong bulalas.

Tumangu-tango si Leslie. Hindi matatawaran ang kanyang ngiti. At nang mahimasmasan, nag-usisa siya tungkol sa mga kaibigan.

"Si Cassie? JM?"

"Si JM."

Tumangu-tango ulit siya.

"Una kong nakita si JM. Hinahanap niya si Cassie ngayon."

Lumuwag ang dibdib niya sa narinig. Kinakabahan pa rin siya para kay Cassie ngunit mas malaki na ang pag-asa niya!

Makikita rin nila si Cassie. Akmang tatayo siya nang pigilan siya ni Enzo.

"Babe, tingin ko, mag-ipon ka muna ng lakas. Hintayin mo 'ko rito. Ikukuha kita ng maiinom."

Pero ayaw ni Leslie na umalis ito sa tabi niya. Mahigpit ang pagpigil niya sa kamay ni Enzo. Puno ng pag-aalala at takot ang kanyang puso!

Ayaw na niyang maramdaman ang naramdaman niya kanina. Ayaw na niyang isipin na hindi niya ito masisilayan sa tabi niya.

"It's alright. Babalik ako agad," nakangiti nitong sambit habang kinakalas ang life vest na nakasuot sa kanya. Inayos pa nito ang kanyang buhok at hinalikan siya sa noo. Sa sobrang pagkatuyot ng kanyang lalamunan, wala nang lumalabas na boses sa lalamunan niya.

"See? You need water, babe. Kukuha ako kung saan kami uminom ni JM kanina. Saglit lang ako. 'Wag kang aalis, ha?" paalala ni Enzo bago tumayo at naglakad palayo.

Dahil wala nang masandalan, napahiga ulit si Leslie sa buhangin. Nanlalabo ang kanyang paningin.

Ang huling rumehistro sa kanyang mga mata ay ang imahe ng mga paa ng kasintahan sa buhangin. Napakunot-noo siya.

"Babe..."

Nawalan siya ng malay.

# 2
# The Survivors

Nagising si Leslie sa banayad na paghagod ni Enzo sa kanyang ulo. Ipinikit niya ulit ang mga mata. Paunti-unting binabasa nito ang kanyang mga labi gamit ang takip ng bote.

"Babe."

Naibsan nang kaunti ang kanyang pagkauhaw. Nang handa na siyang umupo, isinandal siya ng nobyo. Iniabot nito ang bote ng tubig.

"Salamat."

Buong pananabik ang paghaplos niya sa braso ng lalaki.

"Buti na lang... Akala ko..."

Napahinto siya at hindi na itinuloy ang

sasabihin.

“S’abi ko naman sa ’yo babalik ako agad, di ba? ’Andito lang ako, babe. Hindi kita pababayaan…”

Masuyo siya nitong hinalikan sa ulo.

“Siyanga pala. May mga kasama tayo…”

Nakangiti ito habang itinuturo ang direksyon ni JM at ni…

“Cassie!”

Patakbong lumapit ang dalawa sa kanya. Yumakap agad si Cassie.

“Bestie.” Kalmado ang boses nito.

Yumakap na rin si JM sa kanya.

“JM!”

“Yes, mamshie. Nandito rin ako.” Malumanay ang tinig ng kaibigan.

“Paggising ko kanina, wala kayo… Sobrang sakit… Akala ko…”

“Tama na, babe. ’Andito kami.”

Yumakap na rin si Enzo sa grupo.

“Bestie, kailangan mong magpalakas. Kumain ka muna.”

Dinampot ni JM ang isang bag na nakalapag sa buhangin. Binigyan siya nito ng candy at chips.

“Pasensya ka na. Ito lang ang mga na-save ko,” paghingi pa nito ng paumanhin.

“Bestie…”

Gusto niyang sabihing sapat na iyon para makaipon siya ng lakas. Dumampot siya ng piraso sa nabuksang supot ng chichirya saka

iniabot sa mga kasama ang supot.

"Sa 'yo na 'yan, bes! Nakakain na kami kanina habang tulog ka."

Mukha ngang nakabawi na ang mga ito ng lakas. Siguro napakatagal niyang nawalan ng malay.

Naisip ni Leslie na pabigat siya sa mga ito; lagi na lang siyang inaalala. Pero mas nanaig ang pasasalamat niya dahil magkakasama pa rin sila. Taimtim din ang pagtitig ng mga kaibigan sa kanya.

"Ano'ng nangyari? Wala akong masyadong maalala..."

"Hindi rin namin alam. Bigla na lang sumama ang panahon. And the next thing we knew, pataob na ang barko at nagkakagulo ang mga tao," umpisa ni Enzo sa kuwento.

"Bago tuluyang lumubog ang barko, himalang naitulak ka ni Enzo palabas," dugtong ni Cassie habang ginugunita ang mga pangyayari.

"Buti na lang din, nakasuot ka na agad ng life vest bago pa umandar ang barko," sabad ni JM na nakangiti sa kanya. Puno ng simpatiya ang mga mata nito. Sa kanilang apat kasi, siya lang ang hindi marunong lumangoy.

Naalala nga ni Leslie na may puwersang nagtulak sa kanya para makatalon palayo sa lumulubog na barko. Nakaramdam siya ng pananakit ng ulo habang pinipilit alalahanin ang mga kasunod na pangyayari.

“Ang importante, nandito tayong magkakasama!”

Inakbayan siya ng kasintahan at saka ngumiti sa mga kaibigan.

“Habang mataas pa ang sikat ng araw, mas mabuti siguro kung maglakad-lakad tayo. Baka may community dito na makakatulong sa ’tin.”

Sinang-ayunan nila ang suggestion ni JM.

“Kung ready ka na, bestie. Take your time, ha?”

“Dahan-dahan, babe. Sundan na lang natin ’yung trail na nakita namin ni JM kanina. May nakita kaming maliit na bangka doon sa bandang dulo.”

Hindi na niya inalintana ang pagpapaalala ng nobyo. Binilisan na niya ang pag-ubos sa pagkain.

Kailangan nilang maghanap ng tulong. Kailangan nilang maghanap ng masisilungan.

Malayu-layo na rin ang nalakad nila mula sa kinaroroonan kanina. Laking pasasalamat nila nang mamataan ang isang bangka. Siguradong sa di-kalayuan, may bahay at mga taong makakatulong sa kanila, o kahit masisilungan man lamang.

Palubog na ang araw at lumalamig na ang ihip ng hangin. Bahagya lang natuyo ang kasuotan ni Leslie. Marahil dahil mas matagal

siyang nakahiga sa buhangin na naaabot pa ng alon.

Nararamdaman niya ang pagtindig ng kanyang mga balahibo sa braso. Hindi naman alintana ng mga kasama ang lumalamig na simoy mula sa dagat. Ipinatong niya ang mga kamay sa magkabilang braso upang maibsan ang panlalamig.

Madalim na ang paligid nang marating nila ang clearing sa gitna ng kakahuyan. Nakahagilap sila ng ilaw sa isang kubo. Kung may bahay na may ilaw, malamang may residente!

Isang matandang lalaki ang sumalubong sa kanila. Ito siguro ang nagmamay-ari ng bangka. Nakasuot ito ng puting kamiseta na mahahaba ang manggas, kupas na itim na pantalon at hinabing balanggot. May dala itong lampara. Katamtaman man ang ilaw ng lampara, sapat iyon upang maliwanagan ang kapaligiran.

"Tay," pagtawag ni Enzo.

Hindi nito narinig ang boses. Kay Leslie nakatutok ang tingin nito. Minabuti niyang siya na lang ang makiusap.

"Magandang gabi po."

Humawak ito sa balanggot bilang tugon sa pagbati niya.

"Pasensya na po kayo sa abala. Puwede po ba kaming makahingi ng tulong?" patuloy ni Leslie.

Nilingon niya ang mga kasama.

“N-nadisgrasya po kasi ’yung sinasakyan naming barko. Hindi po namin alam kung nasaan kami at kung paano kami makakauwi.”

Napahinto siya sa pagsasalita. Parang ngayon lang niya napagtanto ang kadesperaduhan ng kanilang sitwasyon.

“Baka po puwedeng makisilong hanggang umaga? O kung puwede po kaming may masilungan na may telepono…”

Nagmamakaawa ang kanyang walang siglang boses.

Nakatingin lang ang matanda sa kanya, taimtim na nakatitig na para bang may pagdududa o kuryusidad. Hindi rin siya sigurado kung naririnig o naiintindihan ba siya nito. Naisip din niyang baka iba ang diyalekto sa lugar na iyon.

Patuloy itong nakatingin habang lumalapit. Pagkatapos ng ilang sandali, itinaas ng matandang lalaki ang lampara para masilayan siya nang mas maigi at iginiya ito mula sa kaliwa patungo sa kanan.

Ipinatong ni Leslie ang kamay sa mga mata. Pagkatapos subukang makakita sa dilim, nakakasilaw ang liwanag mula sa lampara.

Tumalikod ang matanda, matalim ang mga titig sa kadiliman. Nagpalitan sila ng mga nag-aalalang sulyap, may pag-aalinlangan kung ano ang susunod na gagawin.

Nang hindi sila gumalaw, lumingon ulit ang

matanda. Ikinumpas nito ang isang kamay. Sa nakakabahalang katahimikan, tahimik silang sumunod sa misteryosong nilalang na nagdadala sa kanila kung saan.

Halos hindi nila maaninag ang tinatahak na daan. Makahoy at malamok sa paligid. Dinig na dinig ang pag-awit ng mga insekto.

Nananakit na ang talampakan ni Leslie sa mabato at maputik na daan. Hindi niya ininda ang sakit at ang ginaw. Patuloy sila sa paglalakad, patuloy na sumusunod sa may bitbit na lampara.

Sa halip na lumiwanag ang daan, lalo namang dumidilim. Habang nagtatagal sila sa paglalakad, tanging ang likod ng matanda at ang ilaw sa harap nito ang nakikita nila. May mga isiping pilit na kumakalikot sa kanyang imahinasyon!

*Paano kung…?*

*Hindi!*

Ayaw niyang bigyang-pansin ang ganitong pag-iisip. Ito lamang ang pag-asa nila para mairaos ang gabi.

Hindi rin niya isinaboses ang mga bumabagabag sa kanya. Tahimik lang din ang mga kasama niya.

Pagkalipas ng ilang minuto pang pagtahak sa kakahuyan, narating din nila ang dulo. Nang mairaos nila ang paglalakad, isang makitid na kalye ang bumungad. Bako-bako at maputik ito.

Nabunutan si Leslie ng tinik sa dibdib! Unti-unting umuusbong ang pag-asa.

Huminto ang matanda. Bahagya itong lumingon sa kanila. Itinutok nito ang lampara sa harap nila. Nasisilaw pa rin si Leslie kaya itinakip niya ang isang kamay sa mga mata. Iniiwas naman ng mga kasama ang tingin sa liwanag. Binawi ng matanda ang ilaw at itinutok ito sa bandang kaliwa ng kalsada.

Nang ibaba nito ang hawak, pinagmasdan siya nitong muli; parang sinusuri ang pagkatao niya. Iyon lang at tumalikod ito saka naglakad sa kabilang direksyon.

“Sala—”

Hindi pa man sila nakapagpasalamat nang maayos, umalis na ito.

“Salamat po.”

Ibinulong na lang iyon ni Leslie sa hangin. Medyo nakalayo na ng lakad ang matandang lalaki. Nalilitong sinundan niya ito ng tingin.

“Grabe si Lolo, snob!” hirit ni JM.

“Bestie, hindi ka niya type kaya nag-walk out agad!” biro ni Cassie.

Nagtawanan sila. Nakatulong ang kaunting halakhak upang maibsan ang namuong nerbiyos kanina.

“May kubo ’ata d’un!”

Sa wakas, umimik si Enzo. Nakahawak pa rin ito sa kamay niya. Parang napahiya naman ang dalawa sa pagbibiruan gayong seryoso ang sitwasyong hinaharap nila.

Nilingon ni Leslie ang direksyon na itinuro ng matanda, na ngayon ay nililingon na rin ng mga kasama. May mumunting kubo silang naaninag sa may dako paroon.

“Tara, tingnan natin. Baka makatulong sila.”

Nag-umpisa nang maglakad si Enzo hatak ang kamay niya. Sumusunod sa bandang likod sina Cassie at JM.

Tuwing nasisilayan ng mga mata niya ang mga ito, tipid na ngiti lang ang ibinibigay nila sa kanya.

Malamang pagod na rin ang mga ito. Napakahaba ng kanilang araw. Pero kung pagod man, hindi iyon halata sa mga mukha nilang maaliwalas. Hanggang ngayon sa gitna ng trahedya, siya pa rin ang inaalala ng mga kaibigan.

Hindi rin niya mapigilan ang sariling lingunin ang direksyong tinatahak ng matanda. Naaninag pa rin niya ang ilaw na nagmumula sa bitbit nitong lampara. Kita niya ang anino nito, ang medyo kubang porma at ang paisa-isang hakbang sa gitna ng maputik na daan.

Nakokonsensya siya sa pagdududa. Gayunpaman, naroon pa rin ang isang misteryosong palaisipan. Siguro hindi lang ito sanay na makakita ng mga estranghero, lalo na’t nagambala nila ang tahimik nitong mundo.

Ibinalik ni Leslie ang atensyon sa

paglalakad. Kaunti na lang at mararating na nila ang kubo!

"May tao kaya?" nag-aalangang tanong ni JM.

"Meron!" bulalas ni Leslie.

"May kandila."

Nakita niya nga ang kandilang nakapatong sa mesang nasa tapat ng bintana. Iba't ibang pinatutuyong isda ang nasa ibabaw nito. May mga nakasabit rin sa loob at gilid ng bintana.

"Tao po?" tawag ni Leslie. Sinusubukan niyang kunin ang atensyon ng mga nasa tahanan, kung may tao man sa loob.

"Tao po!"

Si JM naman ang sumunod na tumawag, nagbabakasakaling bigyan sila ng atensyon.

Mayamaya ay sabay-sabay na sila sa pagtawag. Nakailang ulit pa sila bago may kumaluskos sa loob.

Isang babaeng nasa edad cincuenta ang lumabas at tumayo sa may pintuan. May hawak-hawak itong kandila.

"Hala, may tao!" sabi nito habang palapit sa kanila. Nakangiti ito.

"Hello po. Magandang gabi po," magalang na pagbati ni Leslie, bilang siya ang nasa harapan.

"Magandang gabi rin po. Ano po iyon?"

Tumingin ito kay Leslie at sa kamay niyang nakahawak kay Enzo. Napakunot-noo ito ng mamasdan siya nang malapitan.

"Bakit basang-basa ka, ineng?"

"Uhm..."

Nag-isip siya saglit kung paano ipaliliwanag ang sitwasyon nila.

"Ako po si Leslie. Sila po sina Enzo, Cassie, at JM." Itinuro niya ang mga kasama.

Natigilan ang kaharap. Tiningnan sila.

"Hihingi po sana kami ng tulong."

Nag-isip ang ale bago nagsalita.

"Ako si Nena. Dito tayo. Ano'ng nangyari?"

Napaka-motherly ng dating nito. Dinala sila nito paupo sa bangkong katabi ng mesa.

"Nadisgrasya po kasi 'yung barkong sinasakyan namin. Dito po kami napadpad. Wala po kaming naisalbang gamit. Kung may cellphone po sana kayo, manghihiram kami. Gusto lang po naming makauwi. Pagod na pagod na po kasi kami. Hindi namin alam kung nasaan kami..."

Hindi na niya naituloy ang iba pang nais sabihin. Hinagod nito ang likod niya.

"Naku, ang saklap pala ng nangyari, ineng. Unang-una, pagkain. Sandali lang ha?"

Wala itong inaksayang panahon. Pumasok agad ito sa loob ng kubo saka lumabas na may dalang plato ng nilagang saging.

"Pagpasensyahan na natin ito, ha? Maaga kasi ang hapunan."

"Salamat po."

Umupo si Enzo sa tabi niya. Sina Cassie at JM naman ay naupo sa tapat nila. Hindi na

siya nahiya. Kumuha siya ng apat na saging at iniabot sa mga kasama.

"Maraming salamat po," taos-pusong sambit ni Leslie.

Nakatingin lang ito sa kanya. Naroon pa rin ang kunot sa noo.

Tumingin ito sa direksyon ng mga kasama niya. Pagkuwan ay ibinaling muli ang atensyon sa kanya. Awa at pakikiramay ang masasalamin sa mga mata ng babae.

"K'ain lang ha. Kukuha ako ng tubig."

Pagbalik nito, may dala na itong pitsel at mga baso. Iniwan silang muli ng babae at mayamaya, ipinatong nito sa mesa ang dalang mga nakatiklop na damit. May mga kamiseta, pantalon, at duster. Magkahalong damit-panlalaki at pambabae.

"Eto, puwede tayong magpalit ng damit!" bulalas ni Leslie.

Nakatingin lang sa kanya ang mga kasama. Tinitingnan ang itinuturo niyang mga damit na nailapag sa mesa.

Nanatili sa pagkakaupo ang mga ito at umiling.

"Later na lang siguro, bes," saad ni JM. Tumingin pa ito nang makahulugan kay Cassie na pinanlakihan naman ito ng mata.

"Hindi ko alam kung ano'ng magkakasya. Siyanga pala, may palikuran dito."

Itinuro ng ale ang direksyon patungo sa isang maliit na silong na nakatago sa isang

sulok, dalawang dipa ang kalayuan mula sa kubo. Katulad ng bahay, ang pader at pintuan ng munting espasyong iyon ay gawa sa hinabing kawayan. Ang bubong ay yari sa tuyong dahon ng niyog. Tila subok na iyon ng panahon pero sa sobrang kalumaan, parang hindi na ito magtatagal sa malakas na ihip ng hangin.

Ngunit sa sandaling iyon, nangibabaw ang pasasalamat kay Leslie. Nagpapasalamat siyang nakatagpo sila ng taong may mabuting kalooban, handang magbahagi ng anumang pag-aari nito—kahit gaano pa kaliit—sa kanilang mga estranghero na lubos ang pangangailangan.

Sinenyasan niya ang mga kasama para mamili na ng damit at magbihis. Pero tinanggihan siya ng mga ito.

Sumunod si Leslie sa ale at pumasok ng banyo sa gilid ng bakuran.

“Dito lang ako. Kung may kailangan ka, ineng, umimik ka lang,” paalala ng babae.

Ibinigay nito sa kanya ang may sinding kandila. Naaaninag niya kahit paano ang nasa loob ng palikuran. Ginamit niya ang tubig na nasa timba at bahagyang naghugas.

Paglabas ni Leslie, inalalayan siya agad ng ale.

“Salamat po, Aling Nena,” nahihiya niyang sambit habang inaayos ang suot na duster na pinahiram nito. “Pasensya na po kayo sa

abala…”

“Huwag mong isipin ’yan! Halika at kumain ka pa.”

Inakay siya nitong muli sa mesa at pinaupo sa bangko. Pagkuwa’y pumasok ito sa kubo. Sinundan ito ni Enzo.

“Makikisilip lang ako sa loob.”

Tinanguan niya ang nobyo. Sumunod ito sa likuran ni Aling Nena.

“Ay wait, makikigamit din ako ng banyo,” paalam ni Cassie.

Inabot ni Leslie ang kandilang may sindi pero hindi nito kinuha. Dumirecho na ito sa banyo.

Dalawa na lang sila ni JM sa harap ng mesa. At sila ang inabutan ni Aling Nena. Nakasunod si Enzo sa likod nito. Imbes na bumalik sa kinauupuan, nagpalakad-lakad ang nobyo sa tapat ng kubo.

Nag-abot ulit ng nilagang saging ang ale.

“P’wede sanang dito kayo tumuloy, kaso isa lang ang kuwarto. Pero maaari ding d’un muna kayo sa malaking bahay. Bukas, manghihiram tayo ng radyo kay Aling Filomena.”

“Salamat po nang marami, napakabait po ninyo. Wala po kaming maibabalik sa inyo dahil wala—”

Pinutol nito ang sasabihin pa sana niya; tinapik siya sa kamay.

“Ano ka ba? Huwag mong iisipin ’yun! Pagpapahinga at pag-iipon ng lakas. ’Yan ang

kailangan mong intindihin."

Hindi niya napigilan ang sariling yumakap kay Aling Nena. Hinagod nito ang kanyang likod. Nakadama siya ng kaunting ginhawa mula sa bigat ng nararamdaman. Ang mainit na dampi ng kamay ng matanda sa kanyang likod ay para bagang pag-aalaga ng isang ina, puno ng pagmamahal at malasakit.

"Halina sa malaking bahay."

Nang kinalas niya ang pagkakayakap, muli itong pumasok sa loob ng tahanan. Naiwan sina Leslie at JM sa harap ng mesa.

"Bestie, safe na tayo. Don't worry na," malumanay na anang kaibigan.

Tumango at ngumiti siya.

Naibaling niya sa bintana ang mga mata. Kanina pa niya nararamdaman na parang may pares ng mata na nagmamasid sa kanya. Para siyang namamalikmata sa kung anong aninong umaaligid.

Tumingin siya sa kaibigan. Wala itong kamalay-malay sa nararamdaman niya. Ayaw din niyang takutin ito sa kung anong guni-guni niya.

"Pppsssstttt!"

Mahina ngunit makatawag-pansin ang tunog na iyon. Wala namang ibang taong naroon maliban sa kanila ni JM. Ayaw sana niyang lumingon, pero awtomatiko ang pag-ikot ng kanyang ulo. Hinanap ng kanyang mga mata ang pinanggagalingan ng tunog.

“Ppppsssssssssttttttt!”

Nilingon niya ang bintana.

May anino siyang nakita!

Nasa loob ito ng kubo. Pero sigurado siyang hindi ito kay Aling Nena.

May paghagikgik pa! Tumatayo ang balahibo ni Leslie sa likod ng leeg.

Mayamaya, may maliliit na daliring lumabas at humawak sa bukana ng bintana. Nakatitig lang siya. Hindi niya maialis ang tingin doon. Hindi rin siya makagalaw sa kaba. Napalunok ang dalaga.

Maliit ang ulong umuusbong sa gitna ng mga kamay. Paunti-unti ang pagsulong nito pataas. Dahan-dahan!

Gusto niyang pumikit! Tatawagin niya si Aling Nena, o si Enzo, o si Cassie. Tatawagin rin sana niya ang atensyon ng katapat ngunit napakahina ng boses niya.

“J—”

“Bulaga!”

Isang pares ng mata ang papikit-pikit na nakatitig din sa kanya. Pagkuwan ay inilabas nito ang kabuuan ng ulo.

Isang batang babae!

Naibsan ang kaba ni Leslie. Naitapat niya ang kamay sa dibdib.

Nakakunot-noong sinundan niya ng tingin ang bata. Pilya ang ngiti nito, parang nais makipaglaro.

Bago pa siya makapag-isip, tumakbo ito sa

parte ng sala na nasisilip mula sa bintana.

Nawala ito! Mayamaya ay tumambad ulit ito sa bukana ng pintuan. Nagulat si Leslie pero naaliw rin sa kakulitan ng bata. Patuloy ito sa pagtakbo at paghagikgik.

"Hihihi!"

Umaalingawngaw ang tawa nito ngunit bakit parang siya lang ang nakakarinig? Sinusundan pa rin niya ng tingin ang bata. Pilit niya itong hinuhuli ng kanyang mga mata. Ngunit mabilis ito sa paggalaw.

"Babe?"

Hindi niya namalayan ang paglapit ni Enzo. Nasa tabi na niya ito.

"Tara na!"

Inalalayan siya sa pagtayo mula sa bangko.

"May ba—"

"Oo, babe. Tara!"

Inakay siya ng kasintahan. Tamang-tama naman ang paglabas ng ale sa kubo. Magkatabing nakatayo na rin sina JM at Cassie sa may kalsada, naghihintay.

Nginitian sila ng ale at nag-umpisa nang maglakad. Nasa likuran silang apat.

Nilingon niyang muli ang kubo. Naroon pa rin ang bata! Naririnig pa rin niya ang pilyang paghagikgik nito.

Nakatayo ito sa harap ng bintana at kumakaway sa kanya!

# 3
# Ang Malaking Bahay sa Isla

Dalawang palapag ang malaking bahay. Ang unang palapag ay gawa sa semento. Gawa naman sa materyales ng kubo ang itaas. Malinis at maayos ang bahay kahit halatang matagal-tagal na nang huli itong matirhan.

Binuksan ng ale ang pinto.

“Pasok na.”

Iminuwestra nito ang kamay. Nagsinuran sila.

“Eto pala, Leslie. Dalhin mo na rin sa loob. Tubig at kaunting makakain.”

Iniabot ni Aling Nena ang supot.

“Kung may kailangan kayo, p’unta ka lang sa bahay, ineng, ha?” pahabol na bilin pa nito

bago nagpaalam.

“Thank you po,” aniya na sinundan din ng mga kaibigan.

Pagpasok sa malaking bahay, agad kang sasalubungin ng isang malaking salamin sa tabi ng pinto. Mayroong maliit na aparador sa tabi nito.

Yari sa capiz ang bintana na natatakpan ng makulay na kurtinang sumasayaw sa ihip ng hangin. Gawa sa matigas na kahoy ang mga upuan sa sala at may maliliit na unan na nakapatong dito.

Payak ang kagamitan sa loob ng bahay. May mga pinggan, baso, kubyertos, at kung anu-ano pang gamit pangkusina. Sa gitna ay may bilog na lamesa at apat na upuan. Gawa rin ang mga ito sa mabigat na kahoy.

“This is nice,” komento ni Leslie habang pinagmamasdan ang kabuuan ng bahay.

Nagtinginan ang tatlo na para bang may nakakapagtaka sa kanyang sinabi. Ngunit hindi sila nagsalita ng kahit anong pagtutol.

“Pahinga na tayo?” tanong ng nasa dulo ng hagdan na si JM.

“Sana maayos ’yung higaan,” nakalabing sambit ni Cassie. Nag-cross fingers naman si JM.

“I mean, nagpapasalamat tayo na may masisilungan tayo, di ba?”

Sabay tumingin itong sa kanya habang

tumatangu-tango.

"Etong ungrateful biyotch na ito." Hinampas ni JM ang katabi.

"Grabe naman. Masakit!" reklamo ni Cassie sabay iwas sa mga susunod pang paghampas.

Nangingiting napapailing lang ang magkasintahan sa mga kaibigan.

"Sige na, akyat na, mga bata! Magpahinga na tayo," utos ni Enzo habang inaalalayan si Leslie papunta sa hagdan.

"Opo, Itay!"

Sabay namang sumagot ang dalawa. Naghahagikgikan sila habang paakyat.

Makitid ang hagdan pakuwarto. Nag-uumpisa ang dulo nito sa pagitan ng sala at kusina. Luma na ang kahoy na materyales niyon. May hawakan ito sa magkabilang gilid, at tumutunog ang baitang sa bawat pag-apak.

Dumerecho na sila sa itaas kung saan may tatlong maliliit na kuwarto. Pinili nila ang dalawang magkatabi. Nahiga na agad si JM, makakatabi nito si Cassie.

Dumerecho naman sina Enzo at Leslie sa isang kuwarto na mas malaki nang bahagya. May mga nakahanda nang kumot at unan sa ibabaw ng mga kama.

"OMG!"

"Aaaahhhhhhhh!"

Naririnig pa nila ang mga boses nina Cassie at JM sa kabilang kuwarto.

"Goodnight, besties!" mahinang sigaw ni Leslie para marinig siya ng mga nasa isang silid.

Bago sila makahiga, pumasok sina Cassie at JM sa kuwarto nila. Niyakap siya ni Cassie. Yumakap rin si JM. Ipinatong na rin ni Enzo ang mga bisig sa kanila.

May kaunting paghikbi sa pagitan nila. Magkahalong lungkot at galak ang kanilang nararamdaman. May trauma sa karanasan ngunit may pasasalamat na kahit paano ay magkakasama pa rin sila.

Matagal-tagal din sila sa ganoong posisyon at kondisyon. Walang imik ngunit batid ng isa't isa ang nadarama.

Unang kumalas si JM. Bago lumabas ng kuwarto ang dalawa, nagpaalam muna ito nang pabiro.

"Goodnight, Inay, Itay!"

Natawa sila. Nabawasan ang bigat sa kanilang dibdib.

"Goodnight, babe."

Hinalikan siya sa labi ni Enzo.

"Goodnight."

Sa sobrang pagkahapo, dinapuan agad sila ng antok pagdikit ng mga katawan nila sa malalambot na kama at unan. Bukas sa unang pagtilaok ng mga manok na lang sila ulit mag-uusap.

Lagpas hatinggabi na nang may marinig si Leslie na may paakyat sa hagdan. Hindi nila isinara ang pinto para magkarinigan silang magkakasama.

Papanhik-panaog ang mga yabag. Animo naglalaro ang mga paa nito. Mabilis ang paggalaw at may mga hagikgikan din siyang naririnig.

"Sssshhhhh..."

Nagdilat siya agad ng mata. Palapit nang palapit ang mga boses at hagikgik.

"Hihihi!"

"Sssshhhhh..."

Dalawang pares ng yabag at dalawang pares ng boses. Tunog-bata ang mga ito. Nilingon niya si Enzo. Tulog na tulog ito sa kanyang tabi, nakayakap pa sa kanya.

Iniangat niya ang braso ng nobyo na nakapatong sa kanyang baywang. Dahan-dahan siyang umupo sa gilid ng kama.

"Hihihi!"

"Sssshhhhh..."

Palapit nang palapit ang mga tinig.

"Sino 'yan?"

Tama lang ang lakas ng kanyang boses. Sigurado siyang maririnig siya nang hindi maiistorbo ang pagtulog ng mga kasama.

"Sino'ng nariyan?"

Huminto ang hagikgikan. Nagsitayuan ang mga balahibo ni Leslie sa braso. Lumalakas

ang kabog ng kanyang dibdib.

“Sssshhhhh…”

Napalingon siya! Nagmumula ang ingay sa kuwarto ng mga kaibigan.

“Cass? JM?”

Kahit alam niyang hindi sa mga kaibigan ang mga boses, nagbakasakali pa rin siya. At walang sumagot.

Nag-iisip siya kung tatayo ba o mananatili lang sa kinauupuan. Matindi man ang kaba, masidhi rin ang pag-aalala niya para sa kaligtasan ng mga kasama.

Huminga siya nang malalim. Isang beses, at sinundan ng marami pang beses.

“Hihihi!”

Kinuyumos niya ang kamay. Itinulak niya ang katawan patayo. Tinibayan ang loob. Nag-umpisa siyang humakbang.

Isa, dalawa, tatlo…

“Hihihi!”

“Sssshhhhh…”

Napakapit siya sa pinto. Pikit-mata siyang humakbang muli.

“Cass?”

Halos maubusan siya ng hangin; nanunuyo ang lalamunan.

“JM?”

Nagpatuloy siya sa paisa-isang hakbang hanggang sa marating niya ang bukana ng pinto ng kuwartong tinutuluyan ng mga

kaibigan. Idinilat niya ang isang mata.

Napamulagat siya nang husto sa nakikita!

May dalawang bata, isang babae, isang lalaki!

Nasa gilid ng kama ang mga ito; nakaluhod sa harap ni Cassie na mahimbing pa rin ang pagtulog. Pinaglalaruan ng dalawa ang buhok ng dalaga.

“Hihihi!”

“Sssshhhhh…”

Biglang huminto ang mga ito nang maramdaman ang presensya niya.

Katahimikan.

Nanatili siya sa kinatatayuan. Halos mahimatay siya sa kaba.

Hanggang sa unti-unting humarap ang mga bata sa kanya.

“Huh?!!!”

Wala itong mga mukha!

Maaaninag kung saan dapat ang mga mata, ang ilong at bibig. Ngunit blangko!

“Diyos ko po!” Napabulalas siya.

Nagharap ang mga ito at muling bumungisngis.

Mula sa pagkakaluhod, bigla na lang lumitaw ang mga ito sa harap niya!

Sa gulat at takot, hindi niya namalayan ang sunud-sunod na pag-atras.

“Sino kayo? Huwag ka—”

Huli na nang maramdaman niya ang

dulong baitang ng hagdan. Hindi na niya nagawang kumapit sa pasimano.

"Aaaaahhhhhhhhh!"

Napabalikwas si Leslie.

Tagaktak ang tulo ng pawis sa kanyang noo at leeg. Naroon pa rin ang malakas na kabog ng kanyang dibdib.

Hindi natinag sa mahimbing na pagtulog ang katabi. Kahit naroon pa rin ang matinding pagbayo ng dibdib, pinilit ni Leslie ang sariling tumayo. Panaka-naka ang pagsandal niya sa pader.

Sisilipin lang niya ang kalagayan ng mga kaibigan. Isang hakbang na lang upang makasilip siya nang bahagya sa loob ng kuwarto nila. Naalala niya ang panaginip. Ipinikit niya ang mga mata at nanalangin nang tahimik.

*"White Light of the Holy Spirit, protect us…"*

Magkasabay ang paghakbang sa pagdilat ng kanyang mga mata.

"Hhhhaaaaayyyyy…"

Laking luwag ng dibdib niya! Tulog na tulog ang mga kaibigan. Ligtas sila. Kumalma rin ang pulso niya.

"Salamat po!"

Napahawak siya sa tapat ng puso. Dinampot niya ang kandila sa tokador ng

kanilang tinutuluyang kuwarto. Kinuha niya ang posporo at sinindihan ito.

Maliwanag ang sinag ng buwan na malayang pumapasok sa bintana. Ang tanging sagabal lang ay ang manipis na puting kurtina na nililipad ng bawat pag-ihip ng hangin.

Bababa siya sa hagdan na hindi masyadong inaabutan ng sinag ng buwan. Pagkatapos ng panaginip niya, ang mas ikinatatakot niya ngayon ay ang madulas sa mga baitang ng hagdan.

Hawak ni Leslie ang nasindihang kandila para mainam niyang maaninag ang dinadaanan. Mahigpit ang kapit ng isang kamay niya sa pasimano.

Dumerecho siya sa mesa sa kusina kung saan niya inilapag ang supot na ipinabaon ni Aling Nena. Dinampot niya ang isang bote ng tubig. Binuksan at uminom siya rito. Naginhawaan ang kanyang lalamuman.

Naghikab siya. Marahil dahil sa makapal at makulay na kurtina sa sala, hindi masyadong nasisinagan ng buwan ang naturang parte ng bahay. Sa panaka-nakang pag-ihip ng hangin sa nakabukas na bintana, nililipad ang kurtina. Saka lang nagkaroon ng tsansang makasilip ang liwanag sa loob ng bahay.

Madaling araw pa lang siguro. Kailangan niyang bumalik sa pagtulog.

Kung anong ingat niya pababa, ganoon

din ang ingat niya pag-akyat. Sumilip siyang muli sa kinahihigaan ng mga kaibigan pero napakunot ang noo niya.

Mag-isa lang si JM sa kama? Nakayakap ito sa malaking unan kung saan nakahiga si Cassie kanina.

"Cas?"

Itinapat niya ang kandila sa loob ng kuwarto. Inilawan niya ang bawat sulok. Wala ang kaibigan niya roon!

"Cas?" pabulong lang ang pagtawag niya para hindi magising ang ibang nahihimbing. Pero balak niyang gisingin si Enzo. Nasa bungad pa lang siya ng pinto nang makita si Cassie.

Nakatayo ito sa harap ng bintana. Wala itong imik na nakadungaw sa labas habang panay ang paglipad ng kurtina. Hindi naman natitinag ang kasintahang nakahiga sa kama.

"Cas? Anong—"

Sa pag-ihip ng hangin, namatay ang sindi ng kandilang hawak niya. Kasabay niyon ang paglapit niya sa kaibigan. Napahinto siya nang masilip ang dinudungaw nito sa bintana.

May dalawang taong nakatayo sa gitna ng kalsada sa harap ng malaking bahay!

Nakatutok ang mga ito sa kaibigan niya na taimtim ding nakatitig pagbalik. Parang may pag-uusap na nagaganap sa pagitan ng mga ito, pag-uusap na walang pagbigkas ng

anumang salita.

Tulala pa rin si Cassie at siya na nasa likuran nito. Mayamaya ay may paisa-isang taong sumusulpot mula sa kakahuyan, mula sa kanang bahagi ng kalsada at kaliwa. Paisa-isa ang dating nila ngunit parami sila nang parami!

Walang ginagawa ang mga ito maliban sa tumayo at tumingin sa itaas kung nasaan sila. Ang lahat ng atensyon ay nakatutok sa kaibigan niya. At ang atensyon ng kaibigan niya ay hindi nawawala sa kanila.

Nilapitan ni Leslie ang kaibigan. Hindi niya maipaliwanag ang mga pangyayari pero nais niyang gisingin ito. Paglapit niya ng tatlong hakbang sa bintana, nangatog ang mga tuhod niya.

Wala silang mga mukha!

Katulad ng mga bata sa panaginip niya!

“Cassie!”

Sinisigawan niya ang kaibigan habang niyuyugyog ito upang mahimasmasan. Ipinagwalang-bahala siya nito.

“Cassie! Gising, bestie, parang awa mo na!”

Tumindig lahat ng mga balahibo niya sa katawan. Ayaw na niyang lingunin pa ang mga tao sa labas.

Sana guni-guni lang niya ito! Ipinikit niya ang mga mata habang patuloy ang pagsusumamo sa kaibigan.

"Gising na, bestie, please!"

Pagkuwan ay huminto ang lahat pati ang pag-ihip ng hangin. Hinarap siya ng kaibigan. Blangko ang ekspresyon nito ngunit dilat ang mga mata. Parang hindi siya nakikita.

Paisa-isa na ring umaalis ang mga nakatayo sa tapat ng malaking bahay.

"Cassie?"

Binabalot siya ng magkahalong lungkot at nerbyos. Dumilat siya.

"Ano'ng nangyayari, bes?"

Hindi siya sinasagot.

Humakbang ito paharap. Nagulat na napaatras siya. Patuloy si Cassie sa paghakbang. Akmang magkakabanggaan sila ng katawan ngunit…

Parang dinaanan lang siya ng hangin!

Lumusot si Cassie sa katawan niya nang wala siyang naramdaman!

Walang puwersang naganap maliban sa bahagyang pagtigil ng paghinga niya. Parang may nahugot sa kaibuturan. Nabitawan niya ang hawak, ang walang sinding kandila.

Kasabay ng paglusot ng kaibigan sa kanyang katawan ang pagbulusok muli ng ihip ng hangin at ang paghampas ng kurtina!

Iyon lang at nawalan siya ng malay.

"Babe?"

Nagising siya sa malumanay na pagtawag ni Enzo.

"Bakit dito ka natulog? Naitulak ba kita?" natatawang biro nito.

Napakurap ulit siya dahil sa naramdamang pananakit ng katawan.

"Huh?"

"Ang s'abi ko, naitulak ba kita nang hindi sinasadya?"

"Hindi. Not sure."

Napangiwi si Leslie habang ibinabangon ang sarili paupo.

"Are you okay, babe?"

Bigla siyang napamulagat nang makaalala.

"Babe! Cassie! Nasaan si Cassie?!" natatarantang sigaw niya sabay mabilis na tumayo. Nahilo siya at napasandal kay Enzo.

"Dahan-dahan lang."

"Si Cassie!"

"Oo, si Cassie. Baka nasa 'baba, kasama si JM. Bakit mo tinatanong si Cassie?"

Hindi niya pinansin ang tanong ng kasintahan. Nagmadali siyang bumaba sa hagdanan. Magkatabing nakaupo ang dalawang kaibigan sa sala. Napalingon ang mga ito dahil sa bigat ng mga yabag niya.

"Cas!"

Napahinto siya saglit bago tumakbo palapit sa kaibigan. Niyakap niya ito nang mahigpit. Kumalas siya at hinawakan ang mukha ng

kaibigan. Hinaplus-haplos niya ang buhok nito at muling niyakap.

"Ano'ng nangyayari sa 'yo, bes?" nagtatakang tanong ni JM.

Hindi alintana ni Leslie ang mga kaibigan na noon ay nagtatakang nagkatinginan.

Habang niyayakap niya ang kaibigan, naiibsan ang bigat sa dibdib niya.

"Ano ba, Leslie?"

Tinitigan niya itong muli.

"Kulang sa tulog. Nahulog pa!" paliwanag ni Enzo na nasa kusina na. Ni hindi na niya namalayan ang yabag nito pagpanaog.

Umiling siya. Hindi mawari kung iiyak ba siya o matatawa.

"Ah, kulang sa tulog," segunda ni JM.

Parang iyon nga ang lohikal na eksplanasyon sa mga pangyayari.

"Napakahaba ng gabi."

Tuluyan siyang naupo sa tabi ni Cassie. Hawak pa rin niya ito sa braso. Nang mapansin ang paghikab niya, hinaplos siya nito sa likod.

"Thank you, bes," bulong niya sa kaibigan.

Tila dinapuan siyang muli ng antok nang maibsan ang pag-aalala. Napapikit siya at hindi na niya namalayan ang muling paghimbing.

# 4
# Si Aling Nena

Pagdilat ng kanyang mga mata, mag-isa na lang siya sa sala. Mataas na ang sikat ng araw. Sinilip niya ang orasan na nakasabit sa pader malapit sa hagdan. Ala una. Kumakalam na ang sikmura niya.

Minabuti niyang bumangon. Humarap siya sa salamin. Nangingitim na ang ilalim ng kanyang mga mata. Magulo ang hindi nasuklay na buhok. Magdadalawang araw pa lang ang lumipas simula ng…

Ayaw niyang ituloy ang pag-alala.

Dalawang araw pa lang pero parang tumanda ang hitsura niya nang limang taon!

Nagmadali siyang pumunta sa banyo. Naghilamos siya at nagmumog. Tiningnan

niya ulit ang sarili sa salamin. Sinuklay niya kamay ang hanggang balikat na buhok saka dumerecho na palabas ng pinto.

Namataan niya agad ang mga kasama sa gilid ng bahay. Nag-uusap nang seryoso ang mga ito. Si Enzo ang nagsasalita. Nakikita niya ang paggalaw ng bibig nito ngunit hindi niya marinig ang sinasabi. Tulalang nakikinig si Cassie at patangu-tango naman si JM.

Nang mamataan siya ni Enzo, huminto ito sa pagsasalita. Nilingon din siya ng ibang kasama.

"Gising ka na."

Tumango siya, napapangiti. Habang tinitingnan ang mga ito, para siyang nanliliit. Sa kanilang apat, siya lang ang nagpalit ng damit, ngunit siya ang mukhang losyang sa suot na duster.

Preskung-presko ang dating ng tatlo. Mukhang nakapagpahinga nang husto ang mga ito nang nakaraang gabi.

"P'unta na tayo kay Aling Nena?" masayang pagyaya niya.

"Tara!"

Awtomatiko ang paghawak ni Enzo sa kanyang kamay. Humawak rin siya. Nilalaru-laro niya ang promise ring na nakasuot sa daliri ng kasintahan. Magkatabi naman at tahimik na sumunod ang dalawa sa paglalakad.

Palingun-lingon sila sa paligid habang naglalakad. Sa ilalim ng liwanag ng araw,

kumikinang ang asul na tubig. Maringal naman ang dating ng kabundukang nababalot ng makapal at matingkad na berde ng mga kakahuyan.

“Ang ganda dito, ’no?”

Si JM ang bumigkas ng mga katagang iniisip nilang lahat.

“Sayang walang cellphone! *IG*-worthy pa naman.”

Idinerecho pa nito ang mga hinlalaki at hintuturo sa magkabilang kamay. Itinututok ang parihabang nabuo ng mga daliri sa gusto sana nitong kuhanan ng litrato.

Hindi kalayuan ang kubo sa malaking bahay. Sa gitna ng kanilang pinagmulan hanggang sa destinasyon, wala silang namataan ni isang tahanan. Nagsalubong ang mga kilay niya sa pag-iisip kung nasaan ang ibang residente ng isla.

Saan nanggaling ang mga taong nadungawan niya sa bintana kagabi?

Maliban na lang kung guni-guni lang ang lahat?

Panaginip nga lang ba iyon?

Nilingon niya si Cassie. Nakatitig din ito sa kanya.

Sa unang pagkakataon simula pagkabata, ngayon lang niya ito binigyan ng misteryosong tingin. Para itong talinghaga!

Ngayon lang din ito tumitig sa kanya nang ganoon: puno ng pagtataka!

Parang may nadiskubre siyang dapat ay manatiling sikreto. Parang may nais itong sabihin ngunit hindi masambit. Mukhang hindi mahanap ang mga tamang salita.

Kakabit ng pag-aalala ni Leslie sa kapakanan ng kaibigan ay ang umuusbong na takot. Hindi siya sigurado kung anong klaseng takot. Pero nararamdaman niyang malapit na niya iyong madiskubre.

"Babe, mauna na kayo ni Cassie d'un. May sisilipin lang kami ni JM."

Naabala ang pagmumuni-muni niya nang magpaalam nang ganoon si Enzo.

"Tara, Itay!"

Nauna nang naglakad palayo si JM. Kumaway ito sa kanila ni Cassie.

Nasa bakuran na sila ng kubo ni Aling Nena. Hinihintay niyang tumabi sa paglalakad si Cassie ngunit sadyang bumagal ang mga hakbang nito. Mukhang nagpapakiramdaman sila.

"Bes, ayos ka lang ba?" Siya ang unang hindi nakatiis. "Bes…"

Tama ba ang nakikita niya? May takot din sa mga mata ng kaibigan.

"Leslie!"

Napalingon siya sa biglang pagtawag ng palapit na si Aling Nena.

"Magandang tanghali po."

Kumaway rin siya at nginitian ito. Tahimik lang ang nakayukong si Cassie na sumusunod

sa likuran.

“Kumusta? Nakapagpahinga ka ba? Tara, nagtabi ako ng makakain.”

Pinalapit siya nito sa lamesang nakapuwesto pa rin sa harap ng bahay. Inihatid siya sa bangkong inupuan nila kagabi. May mga plato at kubyertos nang nakaabang doon.

Si Aling Nena na ang nagsalin ng makakain sa plato saka iniabot iyon sa kanya.

“Cassie?”

Wala si Cassie sa kanyang likuran nang lingunin niya ulit ito. Nasa kalsada ito sa tapat ng bakuran. Animo may mga kausap itong residente. Lumingon ito saglit nang marinig ang pagtawag niya, pagkatapos ay sumenyas lang na susunod sa kanya.

Nang mag-umpisa siyang sumubo ng pagkain, naupo ang ale sa tabi niya. Nakapangalumbaba itong nagmamasid sa kanya.

Nag-umpisa itong mag-usisa. “’Yung mga kasama mo…”

“Ah opo. Sina Cassie at JM na best friends ko, at si Enzo po, ’yung pinakamatangkad, boyfriend ko po.”

Tumatango lang ito. “Matagal na kayong magkakakilala?”

“Opo. Simula po pagkabata.”

Tumango itong muli. Nakatitig. Pinag-aaralan siya. Hindi naman niya mawari kung

saan patungo ang mga pag-uusisa nito.

"Nagpunta lang po sina Enzo at JM sa beach. Si Cassie po, naroon may mga kausap."

Itinuro niya ang direksyon ng kaibigan. Sinundan naman nito ng tingin.

"Napansin po namin habang naglalakad kami na walang mga bahay dito. Saan po banda nakatira ang ibang residente?" balik-usisa naman niya.

"Nakikita mo 'yang mga bundok na 'yan?" Itinuro nito ang tinutukoy. "Hindi ko sigurado kung may mga nakatira diyan. Pero dito sa bukana, ako lang. Diyan naman sa loob ng kakahuyan, si Aling Filomena."

Parang nag-isip ito ng dapat sabihin.

"Si Aling Filomena nga pala, puntahan natin pagkatapos mong kumain. Mabait 'yun, isa siyang manggagamot. Siguradong makakatulong siya sa inyo."

Tumango siya habang ngumunguya. Naroon na naman ang makahulugang mga titig nito. Hindi maintindihan ni Leslie kung ano ang iisipin. Ayaw niyang bigyan ng malisya ang pagmamalasakit nito, kaya minabuti niyang ibahin ang usapan.

Lumunok siya at nagtanong.

"Nasaan po 'yung bata?"

Ang ale naman ang nagulat. Nakakunot-noo ito.

Sa isip ni Leslie, baka hindi naging malinaw ang tanong niya kaya iniba niya ang

pagtatanong.

“May anak po kayo?”

“Ah, wala. Hindi na ako pinalad. Hindi ako nakapag-asawa.”

Nakangiti ito nang sumagot pero may bahid ng kalungkutan ang boses.

Tila nabaligtad ang sitwasyon. Si Aling Nena naman ang nalilito kung saan patungo ang pag-uusisa niya.

Ang nasa isip pa rin ni Leslie ay ang batang nakita niya sa loob ng kubo nang nakaraang gabi.

“Wala po kayong anak na babae?”

Nagsalubong ang mga kilay ng kaharap. Nag-isip ito nang matagal bago sumagot. Bumuntung-hininga ito bago nagsalita.

“May anak ako sa pagkadalaga. Si Milena.”

“Nasaan po siya?”

“Wala na siya, ineng. Limang taong gulang pa lang nang kunin siya sa akin.”

Nakangiti ito noong una, ngayon ay nangingilid ang luha habang naaalala ang supling. Pilit nitong pinipigil ang paghikbi. Lumulunok na para bang nais ibaon ang emosyong papabulwak.

“Bagong salta lang kami dito sa isla noon. Napadpad siya sa kakahuyan.”

Lumunok itong muli. Pinapakalma ang sarili.

“Nang matagpuan namin, nakahandusay siya sa bukana ng kuweba.”

Tahimik si Leslie. Kumakapit sa bawat salita, matiyagang naghihintay sa susunod.

"Isinumpa siya!"

Napakunut-noo si Leslie.

"Nag-alay kami. Nagsindi kami ng kandila. Nanalangin. Hanggang sa sa wakas, bumaba rin ang lagnat niya!"

May kaunting ngiting dumapo sa mga labi ng babae.

"Nagbalik ang dati niyang sigla! Narinig namin ulit ang lakas ng tawa niya. 'Yun bang dumadagundong sa loob ng kubo. Pero parati siyang nakaabang sa kakahuyan. Parang nananabik siyang muling maglaro roon. Pero ramdam ko rin bilang ina na mayroon siyang takot na itinatago."

Suminghot ito at pinahid agad ang tumulong luha sa mga pisngi.

"Ano po'ng ibig n'yong sabihin?"

"Parati niyang bukambibig, 'Darating siya. Malapit na!' Kahit sa panaginip, 'yan ang isinisigaw niya."

Panaka-naka ang paghinto ni Aling Nena.

"Ano po'ng ginawa n'yo?"

Umiling-iling ito. "Sinubukan naming lumipat ng tirahan. Nagpalipat-lipat kami pero pabalik-balik pa rin ang sakit niya."

May pait na sa maliit na ngiti nito.

"Sa huli, parang alam na rin naming oras na para bumitaw."

Tumingin ito kay Leslie. Saglit na napatitig

siya rito. Umiwas ng tingin at yumuko. Nagpatuloy sa kuwento ang ale.

"Yakap ko siya dito... Hindi ko siya binitiwan. Yakap ko siya hanggang sa huli niyang hininga."

Tumawa ito nang marahan kasabay ng pagluha.

"Alam mo kung ano'ng huli niyang sinambit...?"

"Ano po?"

"'Nay, 'andito na siya!'"

Lumabi ito at gumaralgal ang boses.

"Tapos, wala na..."

Nakamasid lang si Leslie habang nagpapahid ng luha ang matandang babae. Dama rin niya ang hirap nito.

"Sorry po..."

Iyon ang tanging nasabi niya. Nakokonsensyang hinalungkat pa niya ang mapait na alaala.

Natawa ito. "Ano ka ba!"

Tinapik siya ng ale sa tuhod.

"Ayos lang 'yun. Payapa na siya."

Ngumiti ito at tumingala sa langit. Pagkatapos ng huling pagsinghot, iniba na nito ang tema ng usapan.

"Bakit mo nga pala natanong?"

"Uhm..."

Hindi siya makapagsalita.

Kung wala itong anak na batang babae, sino iyong nakita niya kagabi?

Karapat-dapat pa ba niya iyong ibahagi? Gayong paniwala na ang ale na nasa payapa ng lugar ang bata?

"Ano 'yun?"

Nakangiti si Aling Nena, naghihintay ng sasabihin niya.

"Aaahhh wala po. Naitanong ko lang."

Nilingon niya ang bintana. Sinilip niya ang loob ng kubo at ikinalat ang tingin sa paligid.

Totoong-totoo ang bata sa pagkakaalala niya. Narinig niya ito. Nakita niya kung paano ito tumakbo.

Ang mukha ng bata, ang hugis ng mga mata, ang hagikgik nito at ang kurba ng mga labi—malinaw lahat sa memorya niya!

*Imposible!*

Kinikilabutan siya.

Hinimas-himas niya ang sariling braso sabay lingon sa kalsada. Ginalugad ng kanyang mga mata ang tapat ng bakuran ng ale. Wala na roon si Cassie!

Napatayo siya bigla. Bumalik ang kabog sa kanyang dibdib. Tumakbo siya papuntang kalsada.

"Cassie!"

Isinigaw niya ang pangalan ng kaibigan habang lakad-takbo sa magkabilang direksyon. Nakita niya ito di-kalayuan sa kakahuyan. Nakatalikod sa kanya ang kaibigan at may kaharap na dalawang residente.

"Bes?!"

Lumingon si Cassie sa kinaroroonan niya. Namumula ang mga mata nito!

"Huh?! What's wrong?"

Nagsalubong ang mga kilay niya. Naglakad siya palapit sa kinaroroonan ng kaibigan.

Dahan-dahan nitong ipinihit ang sarili paharap sa kanya.

Unti-unting nagkaroon ng sapat na espasyo upang masilayan niya ang mga residente.

Nagimbal si Leslie!

Ang dalawang kausap ng kaibigan… parehong walang mukha!

Napahinto siya.

Nayanig ang buong pagkatao niya. Maliwanag pa sa sikat ng araw, sigurado siya sa nakikita!

Blangkong mga mukha!

Parang naroroon ngunit wala!

Nalingat siya nang lumapit si Aling Nesa.

"Ineng!"

"Saglit lang po."

Paglingong muli ni Leslie sa direksyon ng kaibigan, nawala na ang mga kausap nito.

Naglaho na parang bula!

Tumakbo siya sa kaibigan at ikinulong ito sa mga bisig.

Sa gitna ng pag-iyak, ibinulong ni Cass sa kanya ang mga katagang kailanman ay hindi niya makakalimutan:

"Leslie, andito na siya!"